# Para sa mga Batang Mag-aaral at ang kanilang Pamilya

Ang sitwasyon ng COVID-19 sa Prepektura ay patuloy na nagiging malubha dahil sa pagdami ng bilang ng mga taong may malubhang sakit at paghigpit ng pangangailangan ng hospital beds. Dahil sa sitwasyong ito, ang “Intensive Preventative Measures upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 (aka Semi-State of Emergency)" ay extended hanggang Hunyo 20.

Sa kasalukuyang sitwasyon, maraming mga impeksiyon ang nagaganap sa mga bata. Halos 70% ng pinanggalingan ng impeksyon ay mula sa mga miyembro ng pamilya. Ang kooperasyon ng mga miyembro ng pamilya ay mahalaga upang maprotektahan ang mga bata mula sa nakakahawang sakit at upang maiwasan na ma-ipagkait sa kanila ang minsan lamang na mga masasayang alala sa paaralan, field/school trips, at iba pang mga school clubs activities.

Hinihiling namin sa inyo, kasama ang buong pamilya na magtulungan upang maiwasan ang impeksyon, para sa iyong sarili, sa mga anak, at sa kapwa.

☆ Sa partikular・・・

✓ Mangyaring magsuot ng mask, at ugaliing maghugas at magdisimpekta ng mga kamay.

✓ Mangyaring ipagpatuloy ang pang-araw-araw na pagsusuri sa pisikal na kondisyon. Kung ang pisikal na kondisyon ay hindi maganda, huwag ng lumabas ng bahay at pag-isipang magpatingin kaagad sa doktor.

✓ Mangyaring iwasan ang kumain at mag BBQ sa labas man o sa bahay, iwasan kumain kasama ang maraming tao maliban sa iyong pamilya.

✓ Para sa mga lolo't lola na nabakunahan na, mangyaring manatiling alerto at gumawa ng maiging mga pangunahing hakbang sa pag-iwas sa impeksyon.

2021 Mayo 31
Gifu Prefectural Board of Education